

PANGANGALAP NG IMPORMASYON AT PAGGAWA NG KOMITMENT

3

ARALIN

TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Pag-aayos sa Gawain
- Paggawa ng Komitment
- Pagbuo ng mga Work Group

MGA LAYUNIN

Maorganisa ng mga estudyante ang kanilang mga pagsisikap upang mabisang matapos ang kanilang pananaliksik.

Matalakay at makagawa ang mga estudyante ng mga kontrata na nagsasapormal sa kanilang komitment sa service learning project.

Makabuo ang mga estudyante ng mga grupo sa pagtatrabaho at gagawa ng mga deskripsyon ng trabaho.

Bahagi I: Pag-aayos sa Gawain

Layunin: Matalakay ng mga estudyante ang kahalagahan ng mabisang pagtatrabaho at pag-oorganisa ng sarili.

1. Susuriin ng mga estudyante ang kahalagahan ng pag-oorganisa ng kanilang mga pagsisikap.

Sabihin sa mga estudyante na may dalawang minuto sila para gawin ang mga sumusunod na gawain:

- Isulat ang lahat ng salita na makikita ninyo sa unang pahina ng [anumang aklat sa inyong silid-aralan] na nagsisimula sa letrang “B.”
- Bilangin ang dami ng mga tile sa kisame sa silid na ito.
- Kunin ang numero ng telepono ng pangunahing opisina ng paaralan.

Itigil ang aktibidad pagkatapos ng dalawang minuto, at itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Natapos mo ba ang mga gawain? Bakit hindi?
- Sa palagay mo ba ay epektibo ka sa ginagawa mo? May ilang tao ba na gumagawa ng parehong mga gawain? Sa palagay mo ba ay episyente iyon?
- May mas mahusay bang paraan para maorganisa mo ang iyong trabaho?

Ipaunawa sa mga estudyante na upang maging mabisa, dapat organisahin ng isang grupo ang mga pagsisikap nito upang makagawa ito ng mas maraming bagay sa pinakamaikling panahon. Mahalaga na hindi nauulit ang trabaho ng isa't isa.

2. Bubuo ang mga estudyante ng mga grupo ng pananaliksik.

Sabihin sa mga estudyante na sabihin kung paano sila pinakamabisang makapagsagawa ng kinakailangang pananaliksik para sa kanilang service learning project. Iharap sa mga estudyante ang mga sumusunod na pagpipilian:

- Mahahati ang klase sa maliliit na grupo, isa para sa bawat pamamaraan ng pananaliksik. May pananagutan ang bawat grupo sa paghahanap ng parehong impormasyon, ngunit ang bawat isa ay gagamit ng iba't ibang pamamaraan sa pananaliksik.
- Mahahati ang klase sa maliliit na grupo. Ang bawat grupo ay magtutuon ng pansin sa iba't ibang bahagi ng kinakailangang impormasyon, gamit ang lahat ng pamamaraan sa pananaliksik na magagamit nito.
- Pipili ang mga indibiduwal ng isang partikular na paraan ng pananaliksik. Pananagutan ng bawat estudyante ang pananaliksik ng lahat ng kinakailangang impormasyon, gamit ang paraan ng pananaliksik na kanilang pinili.

Tulungan ang mga estudyante na paghatiin ang kanilang mga gawain sa pananaliksik ayon sa isa sa mga pagpipilian sa itaas, o iba pa na natukoy ng klase.

Bahagi II: Paggawa ng Komitment

Layunin: Makagawa ang mga estudyante ng mga kontrata na nagsasapormal ng kanilang komitment sa service learning project.

1. Susuriin ng mga estudyante ang kapakinabangan ng kontrata.

Tanungin ang mga estudyante kung bakit madalas nababanggit sa mga balita ang mga kontrata sa mga propesyonal na pang-atletang koponan. Malamang na babanggitin ng mga estudyante ang nalalaman nila tungkol sa mga indibiduwal na manlalaro ng NBA at sa kanilang mga negosasyon sa kontrata, at maaaring bumanggit ng katulad na data tungkol sa mga manlalaro ng football at baseball na nakipagnegosasyon ng malaking suweldo. Marahil magkokomento ang ilang estudyante tungkol sa mga season na huli nang nagsimula dahil hindi makapagnegosasyon ng kanilang kontrata ang mga koponan.

Tanungin ang klase kung bakit mahalaga sa mga atleta ang mga pag-uusap tungkol sa kontrata. Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ang mga kontrata ay ginawa upang protektahan

ang dalawang partido kapag nagsosyo sa negosyo. Mahalaga na malinaw na ilalarawan sa isang kontrata ang mga tuntunin at kundisyon ng kasunduan upang malaman ng lahat kung ano ang inaasahan sa kanila. Paalalahanan ang mga estudyante na mahalagang basahin mabuti ang isang kontrata, kasama na ang maliliit na letra, bago pirmahan ang gayong kasunduan.

2. Mauunawaan ng mga estudyante kung ano ang inaasahan sa kanila sa panahon ng proyekto.

Hilingin ang mga estudyante na alalahanin ang kahulugan ng “service learning project.” (Dapat banggitin ng mga estudyante: isang proyekto na nagbibigay ng serbisyo sa pamayanan at isinasagawa ng mga kalahok na nagsasagawa ng isang hanay ng mga kasanayang natutuhan nila.)

Palawakin ang pag-unawa ng mga estudyante na ang isang service learning project ay may mga katumbas na pakinabang para sa mga kalahok nito: ang mga lumilikha ng proyekto ay nakikinabang sa pag-aaral at pagsasanay ng isang hanay ng mga kasanayan, at ang isang bahagi ng komunidad ay tumatanggap ng kinakailangang serbisyo. Sa ibang salita, may mga taong umaasang makatanggap ng serbisyong ipinangako sa kanila, at nasa mga kalahok ng proyekto ang pagtupad sa mga pananagutang iyon.

3. Gagawa ng mga kontrata ang mga estudyante.

Hilingin ang mga estudyante na magtrabaho sa maliliit na grupo para isaalang-alang kung anong impormasyon ang dapat ilagay sa kanilang mga kontrata. Sabihin sa mga estudyante na isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Pananagutan sa oras
- Pagtatapos ng mga nakatalagang gawain sa takdang oras
- Pakikipag-usap at paglutas ng alitan
- Pagtitiyaga

Magtrabaho bilang klase upang lumikha ng istandard na kontrata na pipirmahan ng bawat estudyante, o atasan ng mga estudyanteng magsusulat ng sariling mga kontrata. Paalalahanan

ang mga estudyante na isulat nang maayos at propesyonal ang kanilang mga kontrata, gaya ng gagawin nila sa sitwasyon ng negosyo.

4. Sususugan, lalagdaan, at ihahain ang mga kontrata.

Sabihin sa mga estudyante na magsumite sa iyo ng mga kontrata para aprubahan. Kung kumpleto at katanggap-tanggap ang mga kontrata, makipagkita sa bawat estudyante para kumpletuhin ang isang kontrata. Dapat mong pirmahan ang bawat kontrata, kasama ang isa o dalawang saksi.

Kung sa palagay mo ay kulang ng mahalagang elemento ang isang kontrata, magmungkahi na baguhin at talakayin ito sa mga estudyante.

Kapag natapos na at nilagdaan ng bawat estudyante ang isang kontrata, mag-photocopy para sa estudyante at i-file ang orihinal sa isang ligtas na lugar.

Bahagi III: Pagbuo ng mga Work Group

Layunin: Maorganisa ng mga estudyante ang gawain na kailangang makumpleto para sa kanilang service learning project.

1. Susuriin ng mga estudyante ang pangangailang organisahin ang trabaho.

Tanungin ang mga estudyante na sabihin ang mga dahilan kung bakit nila inorganisa ang kanilang mga gawain sa pananaliksik. (Dapat sumagot ang mga estudyante: ang mabuting pag-organisa ay nagreresulta ng mabisang gawain, tumutulong na maiwasan ang pag-uulit ng gawain, at nagpapahintulot na makumpleto ang mas maraming gawain sa maikling oras.)

Ipaliwanag sa mga estudyante na tulad ng pag-organisa nila ang kanilang pananaliksik para makumpleto ito nang mabisa, kakailanganin din nilang organisahin ang kanilang trabaho upang mapaghandaan at maipatupad ang proyekto.

2. Aalamin ng mga estudyante kung anong mga grupo ang kailangan.

Batay sa kanilang pananaliksik at ginagawa nila sa kanilang mga plano sa pagkilos, ipa-brainstorm sa mga estudyante ang isang listahan ng iba't ibang mga gawain na kakailanganin ng kanilang proyekto. Isulat ang mga sagot sa pisara, at lagyan ng label ang mga ito na may pamagat na “Mga Gawain sa Proyekto.”

3. Itatalaga ang mga estudyante sa mga work group.

Ipaliwanag na itatalaga mo ang mga estudyante sa mga grupo na gusto mong magtrabaho sila. May ilang pamamaraan sa pagtatalaga ng mga estudyante sa mga grupo. Maaari mong italaga nang random ang mga estudyante sa mga grupo (hal., sa pamamagitan ng pag-uuri ng mga estudyante na may parehong huling inisyal o may mga kaarawan na mangyayari sa parehong buwan, sa pamamagitan ng random na pagtatalaga ng mga numero sa mga estudyante). Bilang alternatibo, maaari mong hilingin sa mga estudyante na isulat sa isang piraso ng papel ang tatlong gawain sa proyekto na gusto nilang gawin, at pagkatapos ay magtalaga ng maraming estudyante hangga't maaari sa grupo na napokus sa kanilang mga unang napili.

4. Lilikha ang mga estudyante ng mga deskripsyon ng trabaho.

Pangasiwaan ang isang talakayan sa klase tungkol sa kung anong uri ng mga trabaho ang maaaring available sa bawat grupo ng trabaho (halimbawa, pinuno ng grupo, tagapag-ingat ng rekord, tagapag-ulat). Isaalang-alang ang mga trabaho na maaaring partikular sa proyekto ng iyong mga estudyante. Hilingin ang bawat work group na lumikha ng mga deskripsyon ng trabaho para sa bawat posisyon. Himukin ang mga estudyante na gumamit ng mga bullet point sa kanilang mga deskripsyon.

Atasan ang bawat grupo na iulat sa klase ang mga deskripsyon ng trabaho na kanilang nilikha. Tulungan ang bawat grupo na maabot ang pangkalahatang kasunduan sa nilalaman ng mga deskripsyon nito.

5. Pipili ng trabaho ang mga estudyante.

Papiliin ang mga estudyante ng mga trabaho sa loob ng kanilang mga work group. Sabihin sa mga estudyante na maaari nilang talakayin sa loob ng kanilang mga grupo ang mga posisyon na dapat magkaroon ng bawat indibidwal. Maaari rin silang bumoto sa trabaho na dapat gawin ng bawat miyembro ng grupo. Paalalahanan ang mga estudyante na nalaman nila ang kanilang mga estilo ng pagkatuto sa *Ikaanim na Modyul: Mga Kasanayan Para sa Loob at Labas ng Paaralan* at ang kanilang mga tunguhin sa *Ikatlong Modyul: Pagtatakda at Pagkakamit ng mga Hangarin*. Sabihin sa kanila na gamitin ang impormasyong ito para pumili ng mga angkop na trabaho.

Hilingin ang mga estudyante na isulat ang kanilang mga titulo ng trabaho at magsumite ng mga photocopy sa iyo para sa mga layunin ng pag-iingat ng rekord.